

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inaaprubahan ng Lungsod ang isang porsyentong levy sa ospital para suportahan ang ekspansyon ng health care sa Brampton

BRAMPTON, ON (Abril 7, 2022) – Sa miting nito kahapon, inaaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang isang porsyentong levy sa ospital para suportahan ang ekspansyon ng health care sa Brampton. Ang levy ay makakatulong sa paglaan ng pondo sa lokal na parte para sa redevelopment at pagpapalaki ng Peel Memorial Hospital at isang Cancer Care Centre na matatagpuan sa Brampton Civic Hospital.

Ang tantiya ng William Osler Health System ay gagastos ito ng \$700 milyon para sa redevelopment at pagpapalaki ng Peel Memorial Hospital, at \$365 milyon para sa redevelopment ng isang Cancer Care Centre, para sa pinagsamang tinantiyang gastos na \$1.1 bilyon. Ang tinatayang lokal na parte na kinakailangan para sa mga proyektong ito ay \$250 milyon. Hinihiling ng Osler na tutustusan ng Lungsod ang 50 porsyento ng tinatayang lokal na parte, na kasalukuyang tinatayang \$125 milyon.

Makikita ng mga residente ng Brampton ang average na pag-akyat ng \$23.29 sa average na taunang residensiyal na bill sa buwis bilang bunga ng levy sa ospital. Bilang bahagi ng 2022 Badyet, ang Lungsod ay [nagpakita sa commitment nito sa ekspansyon ng health care](#) sa pamamagitan ng pagtatalaga ng \$62.5M ng pondo tungo sa lokal na parte para sa bagong Peel Memorial Hospital. Ang pag-apruba sa araw na ito para sa levy ng ospital ay sumusuporta sa commitment na ito. Ang pinal na bill sa buwis ng residensya ay ipapadala sa Hunyo na may instalment na dapat bayaran sa Hulyo, Agosto at Setyembre. Ang mas maraming impormasyon tungkol sa mga buwis ay makikita sa [Brampton.ca](#).

Sa kasaysayan, ang Brampton ay hindi nakatanggap ng patas na parte nito sa laang pondo sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na nagbunga sa labis-labis na pasyente sa ospital at panggagamot sa pasilyo ng ospital na pinalala ng pandemyang COVID-19. Noong Enero 2020, nagdeklara ang Lungsod ng Brampton ng emergency sa health care at naglunsad ng kampanya sa adbokasiya, “Fair Deal for Brampton”, na humihingi ng karagdagang pondo mula sa lalawigan para punan ang puwang sa health care sa Brampton.

Noong Marso 2021, [galak na tinanggap ng Lungsod ang anunsyo sa badyet mula sa pamahalaang Panlalawigan](#) na paglaanan ng pondo ang ekspansyon ng Osler’s Peel Memorial Centre for Integrated Health and Wellness tungo sa isang bagong ospital. Sa unang bahagi ng linggong ito, [inanunsyo ng Lalawigan na namumuhunan ito ng \\$21 milyon](#) para mas masuportahan ang transpormasyon ng Osler ng Peel Memorial tungo sa bagong inpatient na ospital na may 24/7 emergency department at palawakin ang mga serbisyo sa pangangalaga sa kanser sa Brampton Civic Hospital

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Fair Deal para sa kampanya sa Brampton, bisitahin ang [Brampton.ca](#).

Mga Quote

“Sa kasaysayan, ang Brampton ay nakaranas ng labis-labis na pasyente sa ospital at panggagamot sa pasilyo ng ospital dahil ang ating lungsod ay hindi nakatanggap ng patas na parte nito sa laang pondo

sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Committed ang Konseho ng Lungsod ng Brampton sa paggawa ng parte nito para punan ang puwang sa health care sa Brampton, at nagpapasalamat tayo sa ating mga partner para sa pagtulong na maglaan ng pondo para sa mga serbisyo sa health care sa ating komunidad.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Bilang isang Tele Town Hall sa nakalipas na taon, higit sa 70 porsyento ng mga residente na tinipon ng Lungsod ang nagpahiwatig na sumuporta sila sa pagpataw ng buwis para makatulong sa paglaan ng pondo sa bagong ospital na may kumpletong serbisyo sa Brampton. Ang ating komunidad ay hindi nakatanggap sa patas na parte nito sa pagpopondo sa health care sa nakalipas, at ang labis-labis na pasyente sa ospital ay pinalala lamang ng pandemyang COVID-19. Dedicated ang Konseho ng Lungsod ng Brampton sa paggawa ng parte nito para matiyak na ang kalusugan at kabutihan ng ating mga residente ay protektado, at na nakukuha ng ating komunidad ang health care na nararapat dito.”

- *Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isa sa pinaka-mabilis na lumalaking mga komunidad sa Canada, at isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo, tinutugunan natin ang emergency sa health care sa Brampton at gumagawa ng mga hakbang sa pagtugon sa ating mga pangangailangan sa hinaharap sa health care. Nananatili tayong committed sa pakikipagtulungan sa ating mga partner para sa kapakanan ng kalusugan at kabutihan ng ating mga residente para masiguro ang isang mas malakas na kinabukasan para sa health care sa Brampton.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

“Ito ay isang makasaysayang panahon para sa health care sa Brampton. Ang commitment ng Konseho ng Lungsod na susuporta nang 50 porsyento sa kasalukuyang tinatayang lokal na parte para sa redevelopment ng ospital ay makakatulong sa pagsiguro na ang Osler ay may mapagkukunan para magtayo ng imprastruktura na kailangan at nararapat para sa komunidad na ito. Hinahangaan ng Osler ang Konseho ng Lungsod sa paggawa nitong matapang at kinakailangang hakbang, at para sa walang kapagurang pagtataguyod sa kapasidad ng mas malaking ospital para mapaglingkuran ang mabilis na lumalaking komunidad. Ang commitment ng konseho ay isang pamumuhunan sa kalusugan ng ating komunidad para sa mga taon na darating.”

- *Geoffrey Ritchie, Chair, William Osler Health System Board of Directors*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca